ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 12| December 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

# PAGTATAGUYOD SA KATOTOHANAN: SOSYOLOHIKAL, REALISMO, AT MARXISMO SA PAGSUSURI NG PELIKULANG 'BALOTA' NI KIP OEBANDA

**Criselda A. Mato, Portillo Garry II**
*Leyte Normal University, Tacloban, City, Philippines*

**Article DOI:** https://doi.org/10.36713/epra25174
**DOI No: 10.36713/epra25174**

## INTRODUKSIYON

Ang pelikula ay kilala bilang sine o pinilakang tabing, ito ay isang larangan na binubuo ng mga gumagalaw na larawan bilang isang anyo ng sining at bahagi ng industriya ng libangan (Ecre, 2016). Maraming mga Pilipino ang mahilig mag-abang ng mga bagong labas na pelikula lalo na sa mga pelikulang gawa ng mga Pilipino mismo dito sa Pilipinas. Karamihan sa mga paksa ng pelikula ay tungkol sa drama, romansa, aksiyon, at komedya. Masasabing laganap ang pelikula bilang isa sa mga anyong sining, kung saan, patunay ang taon-taong malalaking kita ng iba't ibang klaseng genre. Kung may larang ng sining na matagumpay, ang mga pelikula ay ang malinaw na halimbawa nito (Leyretana, 2018). Kaya naman, maituturing na ang pelikula ay isang panitikan.

Nabanggit din sa pag-aaral ni Leyretana (2018), na ang nakikitang letrato sa pelikula ay representasyon ng kahapon, isang makatotohanang parte ng realidad. Ang realidad na ito ay maiuugnay sa karanasan ng mga tauhan sa isang pelikula na sumasalamin din sa karanasan ng mga mamamayan sa tunay na buhay. Kagaya na lamang ng kahirapan, katiwalian, at kabayanihan.

Ang kahirapan ay isa sa mga suliraning kinakaharap ng mga Pilipino. Isa ito sa mga suliraning di matapos-tapos at hindi rin mabigyan ng solusyon. Ayon kay Pascual (2018), mahigit kumulang 48% 0 11.1 milyon ang bilang ng mga pamilyang Pilipino na nagsasabi at itinuturing ang kanilang sarili bilang mahirap. Sinasabi rin na kadalasan ay isinisisi ang suliraning ito sa mga nanunungkulan sa ating bansa, dahil sa maling pamamalakad. Samantala, isa rin sa mga kinakaharap ng ating bansa ang katiwalian o korapsiyon. Ang korapsiyon ay sistemang pangnanakaw ng indibidwal na nasa posisyon ng perang kinasasakupan niya para sa sariling kapakanan. Ayon kay Umali (2025), Itinuturing nang marami na ang korapsyon sa Pilipinas ay isa ng kultura, ito na ang kalakaran, lalo na sa mga opisina ng gobyerno. Ayon pa sa kaniya, may malaking kaugnayan ang kahirapan at korapsyon. Gayun paman, sa gitna ng mga suliraning nabanggit ay mayroon pa ring kabayanihan na nangingibaw. Ang kabayanihan ay naglalarawan sa pagiging matapang, mapagmahal, at pagpapakita ng integridad ng pagkatao. Ngunit sa aktuwal na sitwayon, ito ay ang kakayahan na harapin ang takot, kakayahang kumilos ng tama sa oras ng panganib at kawalan ng katiyakan. Maaaring magiging magaan ang bagay kung mayroon nito. Ang mga ito ay ilan lamang sa mga paglalarawan sa mga tauhan sa pelikula.

Noong Oktubre 2024, ipinalabas ang pelikulang 'Balota' sa direksiyon ni Kip Oebanda. Ang pelikulang ito ay pumapaksa sa kahirapan ng mga mamamayan sa lipunan, katiwalian ng mga politiko, at kabayanihan ng isang guro sa gitna ng halalan upang ipaglaban ang integridad ng boto. Makatutulong ang pagsusuring ito para sa mga mag-aaral na may kursong, panitikan, mga guro na nagtuturo ng panitikan, at pati sa lipunang ginagalawan. Kaya naman, ang pagsusuring ito ay upang (1) tukuyin ang suliraning panlipunan na tinatamasa ng mga mamamayan, (2) ilarawan ang tunggalian ng politiko at guro sa panahon ng lokal na halalan, at (3) ipaliwanag ang mga pangyayari sa pelikula na sumasalamin sa tunay na karanasan ng tao sa panahon ng lokal na halalan. Kaya't ang pagsusuring ito ay naka-angkla sa mga teoryang sosyolohikal, marxismo, at realismo.

## LAYUNIN NG PAG-AARAL

Ang pelikulang "Balota" ni Kip Oebanda, ay sumasalamin sa suliraning panlipunan at tunggalian ng kandidato at guro sa gitna ng halalan. Ang mga pangyayaring ito ay sumasalamin din sa mga pangyayari sa bansa lalo na sa panahon ng halalan. Magsisilbing tiyak na layunin ang sumusunod:

1. Tukuyin ang suliraning panlipunan na tinatamasa ng mga mamamayan
2. Ilarawan ang tunggalian ng politiko at guro sa panahon ng lokal na halalan
3. Ipaliwanag ang mga eksena sa pelikula na sumasalamin sa tunay na buhay sa panahon ng lokal na halalan

## SALIGANG TEORITIKAL

Ang pelikula ay susuriin ayon sa mga teorya ng sosyolohikal, marxismo, at realismo. Sa pamamagitan ng mga teoryang ito, matutukoy ang suliraning panlipunan na tinatamasa ng mga mamamayan, ilarawan ang tunggalian ng politiko at guro sa panahon ng lokal na halalan, at ipaliwanag ang mga pangyayari sa pelikula na sumasalamin sa tunay na karanasan ng tao sa panahon ng lokal na halalan. Ang teoryang sosyolohikal ay may layuning ipakita ang kalagayan at suliraning panlipunan ng lipunang kinabibilangan (Balajadia, 2018). Gayun din, ang teoryang ito ay tumutulong sa mga manonood na maunawaan kung bakit sinasabi ang ilang mga kwento at kung paano ito nakaiimpluwensiya sa mga paniniwala. Kaya naman, maiuugnay ang teoryang ito sa ilang mga ipinakitang eksena sa pelikula, kagaya na lamang ng kahirapan, korapsiyon, at katarungan.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 12| December 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Samantala, ayon kay Birchall (1977), ang teoryang marxismo ay nagpapahayag ng malaking pagkakaiba ng mga tao batay sa katayuan nila sa lipunan. Ang teoryang ito ay pinangunahan nina Karl Marx at Frederick Engels noong kalagitnaan ng ika-19 siglo at layunin nitong pukawin at ibahin ang kamalayan ng mga manggagawang naapi dahil sa kapitalismo. Dagdag pa rito, hinahanapan ang akda ng patunay ng mga naglalabasang lakas sa pagitan ng mahina at malakas, matalino at mangmang, duwag at matapang, mahirap at mayaman. Kaya naman, makatutulong ang teoryang ito sa upang mailarawan ang tunggalian ng politiko at guro sa panahon ng lokal na halalan.

Ang teoryang realismo naman ay may layuning ilahad ang katotohanan sa lipunan, ipakita ang mga karanasan at nasaksihan ng may akda sa kanyang Lipunan (Battad, 2014). Dagdag pa rito, ang teoryang ito ay kalimitang paksain ang nauukol sa kahirapan, kamangmangan, karahasan, krimen, katiwalian, at kawalan ng katarungan. Kung kaya't makatutulong ang teoryang iyo upang ipaliwanag ang mga pangyayari sa pelikula na sumasalamin sa tunay na karanasan ng tao sa panahon ng lokal na halalan

## METODOLOHIYA

Ang pagsusuring ito ay isang kwalitatibong uri ng pag-aaral na gumamit ng critical analysis at content analysis. Ang critical analysis ay naglalayong suriin at timbangin ang isang masining o pang-agham na gawa. Ang mga kritikal na pagsusuri ay mga tala na naglalarawan o nagbubuod sa pangunahing mga katangian ng nilalaman ng akda (Bagtasos, 2024). Samantala, ang content analysis naman ay pagsusuri sa nilalaman ng akda upang malaman ang tungkol sa mga layunin, mensahe, at epekto ng nilalaman ng komunikasyon (Luo, 2023).

Sa pamamagitan ng mga ito ay mapagtatagumpayan ng mananaliksik ang mga layunin ng pagsusuri.

**Unang hakbang. Teoryang Sosyolohikal.** Sa bahaging ito ay tutukuyin ang suliraning panlipunan na naranasan ng mga mamamayan sa pamamagitan ng talahanayan. Kabilang sa mga suliraning panlipunan na tinatamasa ng mga mamamayan ay ang kahirapan at korapsiyon. Iisa-isahin ang mga suliraning ito na may kaakibat na diyalogo upang mas malinaw na maipahayag ang ilang esksena sa pelikula.

**Ikalawang hakbang. Teoryang Marxismo.** Sa bahaging ito, binibigyang-diin ng pagsusuri ang tunggalian ng kandidato at guro sa gitna ng halalan, at pag-abuso sa kapangyarihan ng isang politiko. Ilalalarawan ang eksena sa pamamagitan ng diyalogo. Isasalaysay sa bahaging ito ang naging karanasan ng guro sa ilalim ng pagtugis sa kaniya ng mga tauhan ng kandidato sapagkat nasa mga kamay niya ang magiging resulta sa halalan. Kaya naman matutuklasan dito ang ginawang sakripisyo at kabayanihan ng isang guro upang maitaguyod lamang ang katotohanan sa pamamagitan ng patuloy na pagbitbit sa balota na siyang susi para sa pagkapanalo ng kandidato.

**Ikatlong hakbang. Teoryang Realismo**. Ilalahad sa bahaging ito ang mga eksena sa pelikula na sumasalamin sa tunay na buhay sa panahon ng lokal na halalan. Gayun din, isasalaysay ang ilang mga eksena sa pamamagitan ng diyalogo ng mga tauhan. Kabilang dito ay ang pagbili ng boto ng isang tao kapalit ng pagkapanalo sa eleksiyon at ang pag-abuso sa kapangyarihan bilang may mataas na posisyon. Bibigyang diin din dito ang isang maduming sistema ng lokal na halalan na siyang isa sa mga malaking isyu sa bansa.

## RESULTA NG PAGSUSURI

Sa bahaging ito ay makikita ang resulta ng isinagawang pagsusuri sa pelikula gamit ang tatlong mga teorya – sosyolohikal, markismo, at realismo.

**Teoryang Sosyolohikal**

| Suliraning Panlipunan sa Pelikula | Diyalogo mula sa Pelikula | Paglalarawan sa Pangyayari |
|---|---|---|
| 1. Kahirapan – tumutukoy ito sa kalagayan o katayuan ng isang tao na walang isang halaga ng mga pag-aaring material o salapi (Revina, 2018) | Lalake: *"Lola Luisa, delivery po."*<br>Lola Luisa: *"Oh iho, nasaan na ang pera?*<br>Lalake: *"Lola naman, kaya nga tayo may code words, masyado kayong halata"*<br>Lola Luisa: *Eh ano ngayon?*<br>Lalake: "Mahuhuli tayo"<br>Lola Luisa: *"Sinong maghuhuli? Eh lahat ng tao rito ganito na rin ang ginagawa"* | Maririnig ang diyalogong ito sa simulang bahagi ng pelikula, ito ay sa araw mismo ng eleksiyon, kung saan, ang lalake ay may iaabot na pera sa matandang babae upang ipamigay rin sa mga tao bilang kapalit ng kanilang boto. Nabanggit dito na ang gawaing ito ay nakasanayan ng gawin ng mga tao sa lipunan tuwing eleksiyon. Matutunghayan din sa bahaging ito ang pagpapakita sa estadong kinabibilangan ng mga tao, sa pamamagitan ng paraan ng kanilang pamumuhay, kung saan, ang mga kilos na ito ay nagpapahiwatig ng kahirapan. Maaaring dulot ng kahirapan nakasanayan na rin nilang tumanggap ng pera tuwing eleksiyon dahil sa matinding pangangailangan. |
| | Emmy: *"Sir, maraming nagugutom, hindi mo lang alam. Hindi palang nila alam."* | Ipinapahiwatig ng Gurong si Emmy sa kausap niyang si Edralin, kandidato bilang alkalde, na marami pa rin ang mga mamamayang nagugutom dahil sa kahirapan na madalas ay |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 12| December 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

| | | |
|---|---|---|
| | | hindi pinagtutuunan ng pansin ng mga nasa gobyerno. |
| 2. Korapsiyon - Ang korapsiyon ay sistemang pangnanakaw ng indibidwal na nasa posisyon ng perang kinasasakupan niya para sa sariling kapakanan. Ayon kay Umali (2025), | Emmy: *"Oh sige, talo na kami. Pero magkaiba tayo ng pinaglalaban. Sige panalo na kayo, sa inyo na lahat, lahat ng kinamkam niyo at kakamkamin niyo pa nang walang awa. Pati katarungan, nakawin niyo. Pero may araw din kayong lahat."* | Ang diyalogong ito ay mula sa pag-uusap ng gurong si Emmy at ng isang kandidato bilang Alkalde na si Edralin habang magkasunod sila papalabas ng bahay ng kandidato. Sa bahaging ito ipinahayag ni Emmy ang kaniyang mga saloobin kaugnay sa pamamalakad ng mga politiko na may kaakibat na korapsiyon. Si Emmy na isang guro, buong pusong naglilingkod at tapat sa bayan, ay galit sa pamamalakad ng politiko lalo na ang may bahid na korapsiyon. |

Matutunghayan sa Talahanayan sa itaas na maaaring isa sa mga dahilan sa pagtanggap sa alok ng pera tuwing eleksiyon ay ang kahirapan. Ngunit hindi naman ito mangyayari kung walang mga taong nasa itaas na siyang puno o dahilan ng mga gawaing ito. Ayon kay Pascual (2018), sinasabi rin na kadalasan ay isinisisi ang suliraning ito sa mga nanunungkulan sa ating bansa, dahil sa maling pamamalakad. Samantala, isa rin sa mga kinakaharap ng ating bansa ang katiwalian o korapsiyon. Matutunghayan sa itaas ang pangalawang suliraning panlipunan mula sa pelikula – ang korapsiyon. Ang korapsiyon ay sistemang pangnanakaw ng indibidwal na nasa posisyon ng perang kinasasakupan niya para sa sariling kapakanan. Ayon kay Umali (2025), Itinuturing nang marami na ang korapsyon sa Pilipinas ay isa ng kultura, ito na ang kalakaran, lalo na sa mga opisina ng gobyerno. Ayon pa sa kaniya, may malaking kaugnayan ang kahirapan at korapsyon.

**Teoryang Marxismo**

*"Hindi…Hindi ka pupunta sa mga pulis. Hindi tayo pwedeng magtiwala sa kanila….Hindi tayo pwedeng magtiwala sa mga pulis"…..*

Habang tinutugis ang gurong si Emmy ng mga Pulis dahil sa utos ng kandidato bilang Alkalde na si Edralin, nakausap niya ang kaniyang anak sa telepono at nasabi niya ang mga katagang ito. Sa bahaging ito naramdaman ni Emmy na kahit ang mga nasa gobyerno ay hindi lahat pwedeng mapagkatiwalaan. Bagama't sila ang nakatakdang magprotekta sa atin, kadalasan ay sa kanila pa nagmumula ang kapangyarihang gumawa ng krimen dahil sa kautusan ng mga nasa mataas na posisyon ng gobyerno para lamang maiskatuparan ang kanilang sariling hangarin. Kagaya na lamang ng pagkasangkot ng halos tatlong libong mga pulis sa ilegal na droga, pangongotong, at iba pang ilegal na aktibidad na pina-imbestigahan ng PNP noong 2023 (Borja, 2023).

*"Yung mga salita mo, akala mo may prinsipyo ka eh! Akala mo alam mo dahil Teacher ka, alam mo na ang lahat. Teacher ka lang!"…*

Ang mga katagang ito ay mula sa mga bibig ni Edralin na nasambit niya habang ipinapahayag niya ang kaniyang mga hangarin bilang isang alkalde. Marahil ay dulot ng kaniyang pagkainis kaya nasambit niya ang mga ito. Ipinapahiwatig sa kombersasyong ito ang pagmamaliit sa propesyon ng isang tao at sumasallamin ito sa mentalidad ng karamihan sa mga Pilipino. Subalit hindi dahilan ang pagkainis para maliitin ang propesyon ng isang tao. Ang isang guro ay isang marangal na propesyon at marapat lamang na bigyang karampatang pagkilala ang mga guro sa ating Lipunan. Kagaya na lamang ni Emmy na pinanghawakan ang kaniyang propresyon at ipinakita ang Karapatan bilang isang mamamayan at isang guro. Kung saan, napatunayan niya ito sa pamamahitan ng pagbitbit sa mga mahahalagang boto ng mga mamamayan at hindi pagpapatinag sa kabila ng pagbabanta sa kaniya at sa kaniyang buong pamilya. Ayon paman kay Sto. Domingo (2024), napakarangal na propesyon ang pagtuturo, matimyas bilang hanapbuhay at bokasyon, at walang maikukumpara sa mga guro sa pagiging madamayin at optimistiko para sa kinabukasan ng kabataan sa lipunan

*"Ibigay mo lang sa tao ang basic needs [kailangan] nila, like [kagaya ng] food [pagkain], load, barya-barya, bigyan mo sila ng kakasiyahan. Give them a good show and you can do whatever you want [Bigyan mo lang sila ng kakasiyahan at magagawa mo na ang mga kagustuhan mo]".*

Habang nasa kamay ni Edralin si Emmy ay inilahad niya ang ilan sa kaniyang mga plano at serbisyo kung siya ang mananalo bilang alkalde. Matutunghayan sa ekspresyon ng mukha ni Emmy ang kaniyang pagsalungat sa kaniyang mga plano sapagkat alam niyang ito ay mababaw lamang na pagpapaliwanag at hindi lang dapat ganito ang mentalidad ng isang tagapamahala. Ang mga serbisyong at kilos na nabanggit ni Edralin ay sumasalimin sa pang-aabuso sa kapangyarihan. Kadalasan ay ginagamit lamang ng mga opisyal ang pagbibigay ng mga programang ikasasaya ng mga mamamayan upang matakpan ang kanilang kasakiman at minsan ay kasabay din nito'y naisasakatuparan ang kanilang plano para sa sariling hangarin. Maihahalintulad ito sa inilahad ni Umali (2023), ang mga politiko ay gumagawa ng mga hakbang upang gipitin ang kalayaan ng mamamayan sa pagpapahayag, at napapako ang mga nasabing lalabanan nila ang katiwalian sapagkat hindi naman totohanang ginagawa.

**Teoryang Realismo**

*"Biruin mo'ko pag hindi ka na namimili ng boto."*

Bagama't maikli lamang ang linyang ito, nagpapahiwatig naman ito ng isang makatotohanang pangyayari sa loob ng isang lipunan. Ang katagang ito ay nasambit ni Emmy nang siya ay tawagin ng isang lalake upang mamigay ng pera bilang kapalit ng kaniyang boto. Bilang isang matapat at may

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 12| December 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

integridad na tao ay idinaan na lamang ni Emmy sa biro ang pagtanggi sa alok ng lalaking iyon.

Ang pangyayaring ito ay masasalamin sa katotohanan sapagkat ito rin ay isa sa mga nakagawian na ng karamihan tuwing eleksiyon. Kadalasan ay nagtutungo ang lider na itinalaga ng kandidato sa isang lugar upang magkaroon ng distribusyon ng pera sa bawat bahay upang masigurado ring ang bibigyang bahay ay talagang iboboto ang pambatong kandidato. Malungkot mang isipin, subalit ito ay isa na sa mga nakagawian ng karamihan sa mga mamamayang Pilipino. Nabanggit din ito sa artikulo ni Delizo (2022), kung saan arestado ang mag-live-in partner na naaktuhang namimili ng boto sa Naic, Cavite. Nakumpiska sa mga suspek ang 50 putting sobre na may lamang P500, mga *sample ballot*, listahan ng mga *cluster leader* at iba pang *election at campaign paraphernalia.*

*"Mga kapatid, saan ba nanggagaling ang kapangyarihan sa mundo? Hindi ba't sa katawan at isip ng bawat isa sa atin? Ngunit, ninanakaw ito ng mga politiko at mayayaman. Pero nasa atin ang tunay na kapangyarihan…"*

Maituturing na isa sa makabuluhang linya ng isang tauhan ang linyang ito mula sa pelikula. Ang linyang ito ay isinambit ni Anita – isang ordinaryong mamamayan na namatay ang asawang manggagawa at biktima ng karahasan sa ilalim ng pamamahala ng kasalukuyang alkalde. Gusto ni Anita na mabigyan ng hustisya ang pagkamatay ng asawa sapagkat wala siyang nagawa noon dahil binayaran lamang ng alkalde ang judge para tapusin agad ang kaso. Sa kasamaang palad, sila nga ay nagtagumpay. Maiuugnay ang sitwasyong ito sa artikulo ni Arrocena (2024), kung saan nagsagawa ng panawagan ang mga peryodista na wakasan ang inhustisya sa mga paglabag sa malayang pamamahayag, gayundin ang pananakot at panghaharas.

Kaya naman, masasalamin ang sitwasyong ito sa tunay na buhay sapagkat hanggang sa kasalukuyan ay nangyayari pa rin ang ganoong pagkakataon nang hindi namamalayan ng karamihan. Madaling gawin ng mga nasa posisyon ang kanilang pansariling hangarin. Marami pa rin ang biktima ng karahasan na hindi nakakamit ang hustisya dahil sa kawalan ng kapangyarihan upang gawin ito. Subalit kahit ano paman ang ating katayuan sa buhay ay hindi ito hadlang upang makamtan ang hustisya. Sapagkat ang bawat isa ay may pantay-pantay na karapatan bilang tao sa ating lipunang ginagalawan.

**Lagom ng mga Natuklasan at Konklusyon**

Batay sa naging resulta ng pag-aaral, ang pelikulang Balota ni Kip Oebanda ay sumasalamin sa maruming kalakaran sa panahon ng eleksiyon. Ilan sa mga dahilang natuklasan sa pag-aaral na ito ang kapangyarihan ng mga taong may mataas na katungkulan sa isang lipunan partikular ang mga politiko. Kagaya na lamang ng maling paggamit ng kapangyarihan na nagdudulot ng karahasan sa buhay ng ibang tao. Sa pamamagitan din ng maling paggamit ng kapangyarihan ay nakalilimot ang tao sa karapatan ng bawat isa na minsan ay nagdudulot ng matinding kaguluhan. Sa pamamagitan ng teoryang sosyolohiyal, nasuri ang mga suliraning panlipunang nangibabaw sa pelikula kagaya ng kahirapan at korapsiyon. Samantala, sa pamamagitan ng teoryang markismo, natuklasan ang ipinakitang katapatan at integridad ng isang guro at ang kaniyang pagsasabuhay sa kaniyang propesyon upang maitaguyod ang katotohanan sa kabila ng banta sa kaniyang buhay at pagmamaliit sa kaniyang propesyon. Naipakita rin ang maling paggamit ng politiko sa kaniyang kapangyarihan upang manalo lamang sa eleksiyon, subalit sa kabila nito ay mas nangibabaw pa rin ang katotohanan. Gayun paman, sa pamamagitan ng teoryang realismo ay nailahad ang mga pangyayari mula sa pelikula na may kaugnayan sa tunay na buhay. Kagaya na lamang ng pagbili ng boto ng isang tao upang manalo ang pambato sa eleksiyon. Bagama't alam ng karamihan na ito ay isang kamalian, patuloy pa ring isinasagawa sapagkat ito ay naging bahagi na ng kultura ng mga Pilipino - na hindi dapat tularan.

**Rekomendasyon**

Magsagawa ng iba pang pagsusuri sa mga akdang pampanitikan na sumasalamin sa makatotohanang kaganapan. Sa pamahalaan, mainam na magkaroon ng matinding implementasyon sa paghihigpit sa panahon ng eleksiyon upang maiwasan ang *vote buying* o pagbili sa boto ng isang tao. Magsagawa ng marami pang programa upang matugunan ang pangangailangan ng mga mamamayang mahihirap, kagaya ng mga oportunidad at trabaho. Sa mga mag-aaral, sikaping makapag-aral nang mabuti upang magkaroon din ng malawak na kaalaman at hindi basta-basta magpaakit sa pera upang hind maging kasangkapan ng korapsiyon at iba pang maling gawain ng mga politiko, mayayaman o kahit na nino man.

## SANGGUNIAN


1. *Arrocena, L. (2024). Mga peryodista, nanawagan ng hustisya. oxfam pilipinas. Retrieved from https://pinoyweekly.org/2024/05/mga-peryodista-nanawagan-ng-hustisya/*
2. *B, F. (2018). ang teoryang sosyolohikal Retrieve from https://prezi.com/p/nfplsmv-cat1/ang-teoryang-sosyolohikal/*
3. *Borja, D. F. (2023) Google search. pilipino star ngayon. Retrieved from https://www.philstar.com/pang-masa/punto-mo/2025/03/08/2426742/ang-kultura-ng-korapsyon*
4. *Cabardo, O. (2019). Pelikula. scribd. Retrieved from https://www.scribd.com/document/436612175/Pelikula*
5. *Delizo, M. (2022). Mag-live-in partner naaktuhang namimili ng boto sa cavite. ABS-CBN News. Retrieved from https://www.abs-cbn.com/news/05/09/22/mag-live-in-partner-huli-sa-vote-buying-sa-cavite*
6. *Kabayanihan sa iba't ibang pamamaraan. (n.d.). DepEd Masbate City | The site of Masbate City Division. Retrieved from https://www.depedmasbatecity.com/kabayanihan-sa-ibat-ibang-pamamaraan/*
7. *Leyretana, R. P. (2018). Ang kaangkupan ng mga pelikulang maghatid ng pilosopiya sa silid-aralan: isang pagsusuri, 14, 56. Retrievedd from https://share.google/WsbxtPLHNY2OfcBlW*
8. *Lou, A. (2023). Content analysis | guide, methods & examples. Retrieved from https://www.scribbr.com/methodology/content-analysis/*
9. *Our blog. (2025). Inside political science Retrieved from https://chataboutsociology.com/blog/*

10. *P, M. (2018). Ang mga sanhi ng kahirapan sa pilipinas. Retrieved from https://medium.com/@maryandreipascual/ang-mga-sanhi-ng-kahirapan-sa-pilipinas-81bc76790219.*
11. *Piolo. (2025). Exploring sociological theories of literature - chat about sociology. inside political science. Retrieved from https://chataboutsociology.com/sociological-theory-of literature/#:~:text=The%20sociological%20theory%20of%20literature,rather%20than%20just%20individual%20creativity*
12. *Revina, K. (2018). All about poverty (labis na kahirapan). Humanista's.Retrieved from https://humanistasopinions.wordpress.com/2018/03/21/all-about-poverty-labis-na-kahirapan/*
13. *Sto. Domingo, J. (2024). Pagmamalasakit at pagpapahalaga, ibigay sa mga guro. bulgar online. Retrieved from https://www.bulgaronline.com/post/pagmamalasakit-at-pagpapahalaga-ibigay-sa-mga-guro#google_vignette*
14. *Teoryang Marxismo - Pdfcoffee.com. (2021). pdfcoffee.com. Retrieved from https://pdfcoffee.com/teoryang-marxismo-10-pdf-free.html*
15. *Umali, P. J. (2025). Ang kultura ng korapsyon. philstar.com. Retrieved from ttps://pdfcoffee.com/teoryang-marxismo-10-pdf-free.html*